# Taunang Abiso para sa Student Educational Equity Development (SEED) Survey ng Oregon

## PAGPAPALAKAS NG BOSES NG MAG-AARAL

Ganap na pinagtutuonan ng Oregon Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng Oregon, ODE) sa pagtulong sa bawat mag-aaral na matuto, lumago, at umunlad. Nakatuon din ang ODE sa pagbibigay ng mga pagkakataon para sa feedback at input upang patuloy na mapaunlad ang mga karanasan sa edukasyon para sa lahat ng mag-aaral sa Oregon. Makakatulong ang Student Educational Equity Development (SEED) Survey sa ODE na makakukha ng impormasyon tungkol sa mga karanasan sa edukasyon ng mga mag-aaral sa Oregon. Makakatulong sa ODE ang impormasyong ito upang makabuo ng angkop na mga mapagkukunan at suporta para sa mga distrito sa Oregon, at mas gamitin ang naturang mga mapagkukunan kung saan mas kinakailangan ang mga ito. Makakatulong din ang data ng SEED Survey sa mga distrito upang makita ang kabuuang lokal na kalagayan at makagawa ng mga epektibong pagbabago sa kurikulum, tagubilin, at nauugnay na mga suportang pang-akademiko na inaalok nila sa mga mag-aaral.

## ANG SEED SURVEY…

- **…ay nagbibigay ng pagkakataon na direktang marinig ang mga mag-aaral.** Ang SEED Survey ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na iparating ang kanilang mga karanasan sa sistemang pang-edukasyon ng Oregon.
- **…ay idinisenyo upang maramdaman ng mga mag-aaral na nabibilang sila sa paaralan at masaklaw ang mga karanasan sa paaralan.** Tinatanong ng survey ang mga mag-aaral tungkol sa kanilang access sa mga mapagkukunan sa pag-aaral, pagkakataon sa pag-aaral, paniniwala sa sariling kakayahan, at pakiramdam na nabibilang. May mga tanong din para sa mga Baitang 6-11 tungkol sa career-technical na pag-aaral at extra-curricular na pakikipag-ugnayan, habang may mga tanong sa mga baitang 9-11 tungol sa mga pagpaplano pagtapos ng graduation.
- **…ay isang equity tool na nakakatugon sa sandali.** Ang mga resulta ng survey ay nagbibigay sa mga paaralan ng mahalagang impormasyon upang lumikha ng mas pantay na mga karanasan sa pag-aaral batay sa mga pananaw at aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral sa mga paaralan nito.
- **…ay available upang matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral.** May access ang mga mag-aaral sa parehong mga suporta sa accessibility na available para sa kanila sa mga pagtatasa sa buong estado. Available din ang Alternatibong SEED Survey, na idinisenyo para sa mga mag-aaral na nakakaranas ng malubhang kapansanan sa pag-iisip, at kinukumpleto kasama ng isang guro o propesyonal sa edukasyon na lubos na nakakakilala sa mag-aaral.
- **…ay tumatagal ng 10-20 minuto para matapos.** Maikli lamang ang SEED survey at naglalaman ng maraming mapagpipilian na sagot sa mga tanong para sa mga baitang 3-11 at karagdagang open-ended na mga tanong para sa mga baitang 6-11.

## PAGLALARAWAN NG MGA KARAPATAN

Hinihingi ng batas ng Oregon (House Bill 2656) na gawing available ang SEED Survey sa mga mag-aaral na nasa baitang 3-11 sa bawat paaralan ng distrito. Maaaring tumanggi ang mga magulang o tagapag-alaga, nang pasalita o nakasulat, na makibahagi sa SEED Survey ang kanilang mag-aaral. Bibigyan ng mga paaralan ang mga magulang ng paunawa ng pangangasiwa at ang proseso para sa pagtanggi sa pakikilahok nang hindi bababa sa 5 araw bago isagawa ang SEED Survey. Maaari ring tumangging lumahok ang mga mag-aaral anumang oras, nang pasalita o nakasulat. Maaari ding tumanggi ang mga mag-aaral na sagutin ang mga indibidwal na tanong sa SEED survey.

## WINDOW NG PAGSASAGAWA SA BUONG ESTADO

Isasagawa sa buong estado ang SEED Survey sa loob ng window na nasa ibaba. Tutukuyin ng mga paaralan at distrito ang mga partikular na araw at oras ng pagsasagawa.

**Mga nasa baitang 3-11**
03/05/2024 — 06/14/2024

## MANATILING UPADATED

Para sa karagdagang impormasyon at para suriin ang SEED Survey, bisitahin ang Oregon Department of Education na webpage ng SEED Survey o i-scan ang QR code sa kanan. Maaaring sagutin ng mga kawani ng paaralan at distrito ang mga karagdagang tanong.

# Form ng Paglahok sa SEED Survey

## MGA KARAPATAN NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA SA PAGLAHOK SA SURVEY

Pinahihintulutan ng batas ng Oregon (House Bill 2656) ang mga magulang o tagapag-alaga na tumangging lumahok sa SEED Survey, nang pasalita o nakasulat. Dapat bigyan ng paaralan ang sinumang mag-aaral na hindi pinahihintulutan na lumahok sa SEED Survey ng pinangangasiwaang oras ng pag-aaral (o ibang aktibidad sa pag-aaral) habang kinukumpleto ng ibang mag-aaral ang survey.

- Kung gusto mong lumahok ang iyong mag-aaral sa SEED Survey, **walang karagdagang aksyon ang kinakailangan**.
- Kung ayaw mong lumahok ang iyong mag-aaral na lumahok sa SEED Survey, **pakikompleto ang isa sa mga opsyon sa ibaba**.
    - Upang matulungan ang paaralan ng iyong mag-aaral sa mahusay na pagpaplano, isumite ang form na ito o makipag-ugnayan sa paaralan nang hindi bababa sa isang araw bago ang unang araw ng pagsasagawa ng survey.

## OPSYON 1

Upang nakasulat na tumanggi, kumpletuhin ang seksyong ito at ibalik ang form na ito sa paaralan ng iyong estudyante.

Legal na Apelyido ng Mag-aaral: ____________________________________________________________

Legal na Pangalan ng Mag-aaral: ____________________________________________________________

Baitang Kung Saan Naka-enroll ang Mag-aaral: ______________________________

Paaralan ng Mag-aaral: ____________________________________________________________________

Nauunawaan ko na sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito ay tinatanggihan kong lumahok ang aking mag-aaral sa SEED Survey para sa kasalukuyang akademikong taon lamang.

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga: ____________________________________ Petsa: __________________

Naka-print na Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga: ______________________________________________

## OPSYON 2

Upang pasalitang tumanggi, tumawag sa paaralan ng iyong mag-aaral o personal na bumisita. Maging handa sa pagbibigay ng sumusunod na impormasyon:

- Legal na Pangalan ng Mag-aaral (pangalan at apelyido)
- Baitang kung saan naka-enroll ang mag-aaral
- Iyong pangalan (bilang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral)
- Pasalitang kumpirmasyon na gusto mong tumanggi sa paglahok sa SEED Survey para sa iyong mag-aaral